

Pagdiriwang ng Coco Festival sa Lungsod ng San Pablo: Pagpapakahulugan at Pagpapanatili sa Wika at Kultura

Asia Pacific Journal of
Management and Sustainable
Development
Vol. 9 No. 1, 44-49
March 2021

Imelda G. Carada (PhD)

College of Teacher Education, Laguna State Polytechnic University,
San Pablo City Campus, Philippines
imeecarada@yahoo.com

Date Received: October 15, 2020; Date Revised: January 12, 2021

Abstract – Language is like a bridge that connects every member of the society. The use of language in various approaches serves as means to communicate and build understanding amongst people. One of the many uses of language could be depicted in the festivities and celebrations that mirrors the culture of a certain group. Culture, on the other hand, helps in the development and evolution of language in various context. This study therefore attempts to identify the words/language that surrounds the celebration of Coco Festival and examine the meanings of these words, both denotational and connotational, with the aim of characterizing the celebration as well as establishing the connection between language and culture. A pre-test and a post-test in a form of written essays and actual interview was conducted with identified natives of San Pablo. Based on the results, it was found that festivities such as Coco Festival helps in the developing and enriching language and preservation of culture because there has been a change in the level of understanding of the denotational and connotational meaning of the words surrounding the context of the celebration. In additional, the result was supported by the significant difference between the pre-test and the post test. It is recommended further that similar studies exploring festivals and celebrations be conducted.

Keywords – Coco Festival, denotational and connotational meaning, language and culture preservation

Abstrak – Ang wika sa isang lipunan ay binubuo ng iba't ibang gawaing pangwika na pangunahing magbibigay-daan sa bawat kasapi na umintindi at maunawaan ang anumang mensaheng nais sabihin o ipahayag sa proseso ng pakikipagtalastasan o komunikasyon. Isa sa gawaing pangwika ay ang pagdiriwang ng kapistahan na sumasalamin sa kultura ng mga taong nabibilang dito. Ang kultura ay nagsisilbing isang mabisang salalayan o batayan sa pagbuo ng wika na ginagamit ng mga tao sa isang komunidad. Tinangka ng pag-aaral na ito na itala ang mga salitang nakapaloob sa pagdiriwang ng Coco-Festival upang suriin ang pagpapakahulugang denotasyon at konotasyon na ang layunin ay mailarawan ang kahalagahan ng mga pagdiriwang ng kapistahan at ang kaugnayan nito sa wika at kultura. Nagkaroon ng pre-test at post-test, pagpapasulat ng mga pangungusap at aktwal na pakikipag-ugnayan sa mga tagasagot na tubong San Pablano. Batay sa kinalabasan ng pananaliksik na isinagawa, nailahad na ang pagdiriwang ng kapistahan ay nakakatulong nang malaki sa pagpapayaman at pagbibigay kahulugan sa wika gayundin sa pagpapantili ng kultura. Sapagkat nagkaroon ng pagbabago sa antas ng pagpapakahulugang denotasyon at konotasyon sa mga salitang nakapaloob sa nasabing pagdiriwang. Idagdag pa rito ay ang pagkakaroon nang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng pre-test at post-test. Iminumungkahi ng pag-aaral na ito na ipagpatuloy ang mga ganitong uri ng pananaliksik na may kinalaman sa pagdiriwang ng kapistahan.

Susing Salita – Coco Festival, pagpapakahulugang denotasyon, at konotasyon, pagpapanatili sa wika at kultura

PANIMULA

Ayon sa pahayag ng Pambansang Alagad ng Sining: “Parang hininga ang wika, sa bawat sandali ng buhay natin ay nariyan ito. Palatandaan ito ng buhay ng tao, at may kakayahang umugnay sa kapwa ang gumagamit din

nito. Sa bawat pangangailangan ay gumagamit ang tao ng wika upang kamtin ang kailangan” [1].

Malinaw na sadyang napakahalaga ng wika. Hindi natin maikakaila na ang wika ang sumasalamin sa kabuuan, mithiin at kaugalian ng mga tao sa lipunan. [2]. Mula sa mga simpleng pahayag ng isang tao, nalalaman

ang kanyang saloobin, iniisip, kultura at lipunang kinabibilangan niya.

Ang bawat salita na lumalabas sa bibig ay nanggagaling sa isipan. Ang mga salita namang ito ay siyang itinatakda ng wika, ng lipunan at maging ng kultura. Gayunpaman, pinagsasama-sama ang mga salitang ito upang makabuo ng mga parirala't pangungusap at nang sa gayon ay maisakatuparan ang layunin na mailahad ang mga ideyang nais iparating sa kapwa. Sa pamamagitan pa rin ng wika, naimumulat ang mga kaisipan sa mga katotohanang nagaganap sa ating lipunan.

Nabubuo ang wika ng isang indibidwal o grupo ng mga tao na nabibilang sa isang lipunan sa kung anong kultura na mayroon sila [3]. Kaya sa tuwing tinatalakay ang wika kaakibat nito ang kultura. Sapagkat ang wika ay nagbibigay anyo sa diwa at saloobin ng isang kultura. Habang natutunan ang katutubong wika ay unti-unting natutunan ang kultura [4]-[5].

Ang kultura ang pangkabuuang pananaw ng tao sa isang lipunan at sa mundong kanilang ginagalawan [6]. Ang pananaw na ito ay hango sa mga paniniwala, tradisyon, uri ng pamumuhay, at iba pang mga bagay na nag-ugnay sa kanila at nagpapatibay sa bigkis ng pagkakaisa na siyang nagpapalaganap sa kanilang pangkalahatang diwa, pananaw, kaugalian, at adhikain.

Kaugnay nito binanggit sa teorya ni Cicero [7] na mahalaga ang kultura bilang salalayan ng pagbuo at paglinang ng mga paniniwala, kakayahan, pag-uugali at kaalaman ng mga tao. Ito ay isang pangkat ng pinagsasaluhang mga ugali, pagpapahalaga, mga layunin, at mga gawain na nagbibigay ng katangian sa isang institusyon o panimulaan, organisasyon, o pangkat. Ayon sa isang pag-aaral [8], ang bansang matatag ay nakasalalay sa kulturang matatag sapagkat sa kultura masasalamang ang kabuuang pananaw ng mga tao sa lipunang kaniyang ginagalawan na may kinalaman o kaugnayan sa kaniyang paniniwala, tradisyon, paraan ng pamumuhay, relihiyon, ugali at maging gawi. Dahil dito kasabay ring nahuhubog at nabubuo ay wikang nakaugnay o nakabuhol sa kultura.

Ilan sa kultura ng mga Pilipino ay ang pagdiriwang ng mga kapistahan. Sinasabing ang Pilipinas ay hitik sa dami ng kapistahan na ipinagdiriwang sa bawat taon. Halimbawa na lamang ng mga ito ay ang Sinulog Festival ng Cebu, ang Moriones Festival ng mga taga Marinduque, Maskara Festival ng Bacolod, Anilag Festival ng Laguna at marami pang iba.

Isa sa pinakatanyag na pagdiriwang ng mga taga San Pablo, Laguna ay ang pagdiriwang ng kapistahan ni San Pablo Unang Hermitanyo. Ito ay tumatagal ng isang

linggong selebrasyon na kinabibilangan ng iba't ibang palatuntunan, paligsahan at pagtatanghal ng mga naiiba at kilalang produkto na gawa o yari sa niyog. Itinuturing ng mga taga rito ang niyog bilang "Puno ng Buhay" kung kaya't ang pinakatampok ay ang pagdiriwang ng Coco Festival. Ito ay isang paligsahan sa pagsayaw o street dancing na ang lahat ng mga kalahok ay mga mag-aaral mula sa pribado at pampublikong paaralan sakop ng nasabing lungsod. Sa pagdiriwang ng Coco Festival makikita ang ilang mga salitang nakapaloob dito gaya ng bagaybay, tistis, uyo, tampok, balaba, bao, bunot at marami pang iba.

Kapansin-pansin ang mga salitang ito ay madalas lamang naririnig at ginagamit sa tuwing may pagdiriwang. Kaya naman ang pagpapanatili ng kultura at mga kalakip na aktibidades nito tulad ng kapistahan ay nakakatulong sa pagpapanatili at pagpapayaman ng wika [5].

Ang kahulugan ng mga salitang ginagamit ng mga tao ay nagkakaroon ng iba't ibang pakahulugan. Ayon sa sosyolinggwistikong teorya na may sariling istilo o pamamaraan ng pagpapahayag. Bukas sa pagkakaiba-iba ang wika dahil bawat tao ay may kakayahang bumuo ng sari-sariling interpretasyon o pakahulugan sa wika. Kaugnay nito, mayroong dalawang paraan ng pagbibigay kahulugan sa mga salita. Ito ay ang denotasyon at konotasyon. Ang kahulugang denotasyon ay kahulugan ng isang salita na galing mula sa diksyunaryo ayon sa leksikal na kahulugan nito [9]. Samantalang ang kahulugang konotasyon naman ay ang pagbibigay kahulugan sa isang salita batay sa pagkagamit nito sa isang pahayag [10]. Kaya naman mahalagang maunawaan ang pagkakaiba ng kahulugan at implikasyon ng magkaiba at naiibang konsepto ng wika batay sa antas nito [11].

Marami nang talakayan at mga babasahin ang nabanggit na nagpapakita na ang mga pagdiriwang ng kapistahan ay nakatutulong nang malaki sa pagpapanatili ng wika at kultura ng isang lipunan. Subalit wala pang mga pag-aaral ang naisagawa hinggil dito. Kung kaya't ito ang nagsilbing motibasyon sa mananaliksik upang magsagawa ng isang pag-aaral na nakatuon sa pagdiriwang ng Coco Festival sa Lungsod ng San Pablo at sa pagpapanatili ng mga salitang nakapaloob dito.

LAYUNIN NG PAG-AARAL

Ang layunin ng pag-aaral na ito ay matugunan ang mga sumusunod: mabatid ang iskor ng mga taga-sagot sa pagbibigay kahulugan sa mga salitang nakapaloob sa Coco Festival batay sa pagpapakahulugang denotasyon at konotasyon bago at pagkatapos isagawa ang

selebrasyon; malaman kung may makabuluhang pagkakaiba ang iskor sa pagpapakahulugan sa mga salitang nakapaloob sa Coco Festival batay sa pagpapakahulugang denotasyon at konotasyon bago at pagkatapos ng selebrasyon.

MGA KAGAMITAN AT PAMAMARAAN

DESINYO NG PANANALIKSIK

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng kwantitatib at kwalitatib na pamamaraan ng pananaliksik. Ang palarawang pamamaraan ng pananaliksik ay naglalayong mailarawan ang pagbibigay kahulugan ng mga tagasagot sa mga salitang nakapaloob sa Coco Festival batay sa kahulugang denotasyon at konotasyon. Ginawan ng kwantitatib at kwalitatibong pagsusuri ang mga kasagutan batay sa pagpapakahulugang denotasyon at konotasyon.

MGA KALAHOK

Ang kabuoang bilang ng mga naging tagasagot sa nasabing pananaliksik ay isang daan (100) na tubong San Pableño. Ang mga tagasagot sa nasabing pananaliksik ay pinili sa pamamagitan ng *purposive sampling* sapagkat isinaalang-alang ang salik na relihiyon at lugar ng tirahan.

INSTRUMENTASYON

Upang mapadali ang pangangalap ng datos, gumamit ang mananaliksik ng talatanungan na binubuo ng mga salitang nakapaloob sa Coco Festival na binigyang kahulugan batay sa denotasyon at konotasyon. Kaugnay nito ang mananaliksik ay nagbigay ng *pre-test* at *post-test* na binubuo ng sampung salitang may kahulugang denotasyon at konotasyon. Ang mga tagasagot ay nagsulat din ng pangungusap gamit ang mga salita sa pagpapakahulugang denotasyon at konotasyon. Ang nasabing talatanungan ay sumailalim sa mga eksperto sa larangan ng wika. Tatlong dalubhasang guro ng unibersidad ang nagsuri at nagwasto para sa kaangkupan, balidasyon at kawastuhan ng talatanungan para sa mga tagasagot. Ang nabuong instrument ay pinasagutan ng mananaliksik sa isang grupo ng mga mag-aaral na hindi sangkot sa nasabing pag-aaral. Bago ang aktwal na pagpapasagot ay isinaalang-alang ang pagrerebisa sa talatanungan.

PARAAN NG PANGANGALAP NG DATOS

Pagsasagawa ng surbey, pakikipananayam sa mga tagasagot at pagpapasagot sa talatanungan.

Isang buwan bago ang selebrasyon ng Coco Festival, nagbigay ang mananaliksik ng *pre-test* upang makita ang

iskor ng mga tagasagot sa pagpapakahulugan sa mga salitang nakapaloob sa Coco Festival batay sa kahulugang denotasyon at konotasyon. Makalipas ang isang buwan at matapos ang selebrasyon, nagbigay naman ng *post-test* ang mananaliksik hinggil dito upang malaman kung may pagkakaiba sa iskor ng mga tagasagot. Bukod sa *pre-test* at *post-test*, nagpasulat din ang mananaliksik sa ilang mga tagasagot ng pangungusap gamit ang mga salita. Nagkaroon din ng impormal na pagtatanong ang mananaliksik sa ilang grupo ng mga tagasagot upang alamin kung lubos ang kanilang pagkaunawa sa kahulugan ng mga salita.

ETIKAL NA KONSIDERASYON

Bago isagawa ang pag-aaral at pagpapasagot ng talatanungan, ang mananaliksik ay humingi ng pahintulot sa tanggapan ng riserts at ng punung-lungsod upang maisagawa ang pananaliksik na may kinalaman sa pagdiriwang ng Coco Festival. Kaugnay ng paghingi ng pahintulot ay ang pagbibigay ng katiyakan sa kaligtasan ng mga tagasagot at kasiguruhan sa pagpapanatiling konpedensyal ng kanilang mga datos at iskor. Ipinaalam din sa mga tagasagot ang pangakalahatang layunin ng pag-aaral.

PAGSUSURI SA DATOS

Ang pamamaraang ginamit sa pag-aanalisa o pagsusuri sa mga datos ay ang palarawang istadistikal gamit ang *frequency* at *percentage* upang mailahad ang resulta ng *pre-test* at *post-test* iskor. Upang maipakita ang ikalawang layunin ng pag-aaral ginamitan ito ng *paired sample t-test*.

KINALABASAN AT TALAKAYAN

Sinuri ang datos gamit ang Cronbach's Alpha na may value na 0.815 na nagpapakita ng mataas na antas ng kaangkupan at kaisahan sa pag-aaral.

Sinuri ang datos gamit ang *Cronbach's Alpha* na may halagang 0.815 na nagpapakita ng mataas na antas ng kaangkupan at kaisahan sa pag-aaral.

Talahanayan 1. Iskor sa Pre-test at Post-test sa Pagpapakahulugang Denotasyon

Iskor	Pre-test		Post-test		Antas ng Pagpapakahulugan
	f	%	F	%	
9-10	-	-	1	1.0	Pinakamataas
7-8	4	4.0	28	28.0	Mataas
5-6	36	36.0	66	66.0	Katamtaman
3-4	56	56.0	5	5.0	Mababa
0-2	4	4.0	-	-	Pinakamababa
Kabuuan	100	100.00	100	100.00	

Ipinapakita ng mga talahanayan ang antas ng pagpapakahulugan ng mga taga-sagot sa pre-test at post-test sa denotasyon at konotasyon sa mga salitang nakapaloob sa pagdiriwang ng Coco Festival sa Lungsod ng San Pablo.

Naitala na bago masaksihan ng mga tagasagot ang selebrasyon ng Coco Festival, ipinapakita ng talahanayan na ang resulta ng pre-test at post-test sa pagpapakahulugang denotasyon sa mga salitang nakapaloob sa Pagdiriwang ng Coco Festival ay nasa mababa at pinakamababang antas ng pagpapakahulugan. Ang mababa at pinakamababang antas ng pagpapakahulugan ay nagpapatunay na hindi alam ng mga tagasagot ang ilang mga salitang nakapaloob sa nasabing selebrasyon. Pinatunayan lamang ito ng isang halimbawang pangungusap na ginawa ng tagasagot tulad ng “Ang uyo ay hinimay-himay ng mga bata”. Kapansin-pansin na hindi angkop ang gamit ng uyo sa pangungusap dahil hindi naman ito hinihimay sapagkat ito ay matigas at maaari pang gamitin bilang pamalo sa mga bata. Malinaw na mali ang pagpapakahulugang denotasyon sapagkat ang mga salita ay hindi nila madalas naririnig at ginagamit sa araw-araw na pakikipag-ugnayan at muli lamang naririnig at nagagamit sa tuwing may mga pagdiriwang gaya ng kapistahan. Kaya’t masasabing ang wika ay nakapaloob sa lahat ng uri o sangay ng kulturang nagbubuklod sa mga taong nabibilang sa isang lipunan [5]-[8].

Gayunpaman, sa dahilang ang selebrasyon ay tumatagal ng isang buong linggo, naging madalas nilang naririnig at nagagamit ang mga salita kung kaya’t ang post-test sa pagpapakahulugan sa mga salitang nakapaloob sa pagdiriwang pagkatapos ng selebrasyon ay nasa katamtamang antas na hanggang sa pinakamataas na antas ng pagpapakahulugan. Ipinapakita lamang nito, kapag madalas na naririnig at nagagamit ang mga salita ay lubos nila itong naiintindihan. Ayon sa isang pag-aaral [12], ang salita kapag madalas na naririnig at ginagamit ay nakakatulog sa pagkaunawa sa kahulugan ng salita. Gaya na lamang ng salitang tampok, dahil madalas nila itong naririnig kung kaya’t ang pagpapakahulugan sa salitang ito ay nasa pinakamataas na antas na ipinapakita ng pangungusap na “Ang tampok ng isang linggong pagdiriwang ng kapistahan ni San Pablo Unang Ermitanyo ay ang pagkakaroon ng Coco Festival”.

Matutunghayan sa talahanayan 2 ang resulta ng *pre-test* at *post-test* sa pagpapakahulugang konotasyon ng mga tagasagot sa mga salitang nakapaloob sa pagdiriwang bago at pagkatapos ng selebrasyon.

Talahanayan 2. Iskor sa Pre-test at Post-test sa Pagpapakahulugang Konotasyon

Iskor	Pre-test		Post-test		Antas ng Pagpapakahulugan
	f	%	f	%	
9-10	-	-	-	-	Pinakamataas
7-8	-	-	-	-	Mataas
5-6	-	-	79	79.0	Katamtaman
3-4	61	61.0	19	19.0	Mababa
0-2	39	39.0	2	2.0	Pinakamababa
Kabuuan	100	100.00	100	100.00	

Makikita sa nasabing talahanayan na ang iskor ng mga tagasagot sa pagpapakahulugang konotasyon bago ang selebrasyon ay nasa pinakamababa hanggang mababang antas lamang. Ito ay marahil sa dahilang ang mga tagasagot ay hindi gaanong alam ang mga salita at hindi rin alam ang kahulugang konotasyon o ang kahulugang ayon sa pagkakagamit ng mga salita sa isang pahayag. Narito ang isang halimbawa ng pangungusap na ginawa ng isa mga tagasagot. “Ang bagaybay ay nilalagyan ng mga bagay-bagay”. Masasaksihan na hindi tama ang gamit ng salitang bagaybay sa pangungusap dahil ang bagaybay ay hindi lagayanan ng anumang bagay bagkus ito ay nagsisilbing isang dekorasyon na maaaring gamitin sa pagdiriwang ng Coco Festival. May kaugnayan ito sa isang pag-aaral na ang isang indibidwal o mga tao ay nangangailangan ng sapat na oryentasyon sa paggamit ng wika upang lubos niya itong mapahalagahan, maintindihan, at magamit nang tama sa bawat sitwasyon [13].

Samantalang kapansin-pansin na pagkatapos ng selebrasyon nagkaroon ng bahagyang pagtaas sa iskor ng antas ng pagpapakahulugan. Karamihan sa mga tagasagot ay nasa katamtamang antas ng pagpapakahulugang konotasyon. Sa pangungusap na: “Ang tampok ng niyog ay ginawang bulaklak na nagsilbing dekorasyon sa entablado na pinagdausan ng pagdiriwang”. Nagpapahiwatig ito na may bahagya ng kaalaman ang mga taga-sagot sa mga salitang nakapaloob sa pagdiriwang ng Coco Festival. Sinasabing ang mga ipinapahiwatig o ipinararating ng kultura katulad ng pagdiriwang ay nagiging batayan sa pagbuo ng wika at sa pagbibigay kahulugan o interpretasyon nito [14].

Sa ipinakitang resulta ng talahanayan 3 hinggil sa pagkakaiba sa iskor ng *pre-test* at *post-test* ng mga tagasagot sa pagpapakahulugang denotasyon at konotasyon, ang pagkakaiba sa pagitan ng pre-test at post-test sa denotasyong pagpapakahulugan ($t=14.778$, $p<.01$) at konotasyong pagpapakahulugan ($t=16.000$,

$p < .01$) ay makabuluhan sapagkat ang p -values ay mababa sa 0.01 sa makabuluhang antas.


Pinatunayan nito na matapos masaksihan ng mga tagasagot ang pagdiriwang ng Coco Festival, nakatulong ito upang mapataas ang iskor sa antas ng pagpapakahulugang denotasyon at konotasyon sa *pre-test* at *post-test*. Tunay ngang napakahalaga ng pakikiisa o partisipasyon ng mga mamamayan sa mga pagdiriwang tulad ng kapistahan upang maisagawa at maisakatuparan ang tunay na layunin ng nasabing pagdiriwang sapagkat sa pamamagitan nito nabubuhay at napapanatili ang wika at kultura ng mga taong nabibilang dito [15], [16].

Bukod sa pagbibigay ng *pre-test* at *post-test* sa mga tagasagot upang alamin ang iskor sa pagpapakahulugang denotasyon at konotasyon sa mga salitang nakapaloob sa pagdiriwang bago at pagkatapos ng selebrasyon, nagpasulat din ang mananaliksik sa ilang mga tagasagot ng pangungusap gamit ang mga salita upang malaman kung lubos ang pagkaunawa sa kahulugang denotasyon at konotasyon.

Talahanayan 3. Ang Pagkakaiba ng Iskor sa Pre-test at Post-test ng mga tagasagot sa Pagpapakahulugang Denotasyon at Konotasyon


Pagbibigay Kahulugan	Paired Difference		95% CI of the Difference		t	Sig.
	Mean	SD	Lower	Upper		
Denotasyon	1.74	1.18	1.506	1.973	14.778	.000
Konotasyon	2.17	1.36	1.900	2.439	16.000	.000

$p < 0.01$ - Significant



Figyur 1. Halimbawa ng Mataas na Antas ng Pagpapakahulugang Denotasyon sa mga Salita na Ginamit sa Loob ng Pangungusap

Makikita sa Figyur 1 ang halimbawa ng pinasulat na pangungusap sa isang tagasagot gamit ang mga salitang may denotasyong pakahulugan. Batay sa kinalabasan, nagamit ng tagasagot ang mga salita sa pangungusap nang angkop at tama na pinagtibay sa pamamagitan ng pakikipagusap nang mananaliksik sa tagasagot. Mula sa kanyang tinurang kasagutan ay nabanggit niya ang isa sa mga salita gaya ng *tampok*. Dahil ayon sa kaniya: “Ang pinakatampok ng *niyog* ay nagsilbing palamuti sa entablado na pinagdausan ng palatuntunan”.



Figyur 2. Halimbawa ng Katamtamang Antas ng Pagpapakahulugang Konotasyon sa mga Salita na Ginamit sa Loob ng Pangungusap

Samantala, matutunghayan sa Figyur 2 ang isang halimbawa ng katamtamang antas ng pagpapakahulugang konotasyon na ginamit sa loob ng pangungusap ng isang tagasagot. Bahagya lang ang pagbabagong naganap sa antas sapagkat makikita sa bilang 6 at bilang 9 na ang mga salita ay ginamit sa literal na pakahulugan. Bukod dito, makikita sa pangungusap bilang 7 na ang salitang *disperas* ay ginamit sa pangungusap na may denotasyong pakahulugan. Kahit na nasaksihan na nila ang selebrasyon at nagkaroon ng bahagyang pagtaas sa antas ng pagpapakahulugan hindi parin maipagkakaila na nahihirapan pa rin ang mga tagasagot na unawain at patuloy na gamitin ang mga salita sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay. Para sa mga gumagamit ng wika, nararapat din nilang bigyang halaga at pansin ang gamit ng wika upang higit na matamo ng sariling kalinangan at mapaunlad ang karunungan ng mga mamamayan at iba pang pinaglalaanan nito [17].

KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

Nasa mababa at pinakamababang antas ng pagpapakahulugang denotasyon at konotasyon ang kinalabasan ng *pre-test* na isinagawa ng mga tagasagot. Subalit dahil sa pakikiisa at partisipasyon ng mga tagasagot sa pagdiriwang ng Coco Festival nakatulong ito sa bahagyang pagtaas ng antas ng pagpapakahulugang denotasyon at konotasyon sa *post-test*. Ito ay sa kadahilanang ang mga salitang nakapaloob sa pagdiriwang ay naririnig nila at nagamit pansamantala.

Sa pangkalahatang resulta ng pag-aaral, masasabing ang mga pagdiriwang lalo’t higit ay ang pagdiriwang ng mga kapistahan sa bawat lugar ay nakatutulong nang

malaki sa patuloy na paggamit ng wika para pagpapayaman nito at maging sa pagpapanatili ng kultura.

Minumungkahi ng mananaliksik sa iba pang mga guro at magsasagawa ng pag-aaral na ipagpatuloy ang mga ganitong uri ng pag-aaral sa iba't ibang lugar ng Pilipinas upang maipakita ang matibay na kahalagahan ng pagdiriwang ng kapistahan bilang salalayan sa pagpapanatili at pagpapakahulugan sa wika at pagpapayaman sa kultura.

Ang pag-aaral na ito ay limitado sa sampung salita lamang kung kaya't iminumungkahi ng mananaliksik sa mga susunod pang magsasagawa ng pag-aaral na dagdagan ang mga salitang gagamitin at bibigyang kahulugan sa pagpapayaman ng tasalitaan.

MGA SANGGUNIAN

- [1] Lumbera, B. (2007). *Ang Wika ay Kasangkapan ng Maykapangyarihan: Ang Wika Bilang Instrumentong Poliitikal* nasa <http://avhrc-kultura.blogspot.com>.
- [2] Santiago, A. (1995). *Panimulang Linggwistika*. Published by Rex Bookstore, Inc.
- [3] Liwanag, L. B. (2007). Ang Pag-aaral ng Varayti at Varyasyon ng Wika: Hanguang Balon sa Pagtuturo at Pananaliksik. *The Normal Lights*, 1(1).
- [4] Constantino, P. & Atienza, (1996). M. Mga patnugot. *Mga Piling Diskurso sa Wika at Lipunan*. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press.
- [5] Zafra, G. S. Ang Pagtuturo ng Wika at Kulturang Filipino sa Disiplinang Filipino (Konteksto ng K-12).
- [6] Bisa, S. P. (2009). Wika at Kultura: Pagsasalang Nagpapakahulugan. *Malay*, 22(1).
- [7] Olański, F. N. (1808). *O wymowie i poezji* (Vol. 1). Józef Zawadzki.
- [8] Amtalao, J. A., & Lartec, J. K. (2015). Ang Wika ng Sillag Festival Bilang Daluyan ng Kultura at Identidad ng mga Ilokano. *Malay*, 27(2).
- [9] San Juan, David Michael. (2017). Alyansa ng Mga Tagapagtanggol ng Wikang Filipino/TANGGOL WIKA: Internal na Kwento, Mga Susing Argumento at Dokumenta (2014-2017).
- [10] De Leon, E. C. (2016). Pamimilosopiya, Wika, at Mga Baluktot na Katuwiran: Tungo sa Pagpapayaman ng Wikang Pilosopikal sa Pilipinas. *Philosophy*, 2015, 2014.
- [11] Mangahis, J. C. (2008). "Komunikasyon sa Akademikong Filipino", C & E Publishing Inc.
- [12] Carada, I. G. (2019). Leksikal na Varayti ng Wikang Tagalog sa Ilang Piling Bayan sa Lalawigan ng Laguna Tungo sa Pagbuo ng Wika. Philippine Normal University.
- [13] Ruiz, R. 1984. Orientations in Language Planning. *NABE Journal*, 7(2), 15-34
- [14] Flores, Patrick at Cecilia Sta. Maria de la Paz. *Sining at Lipunan*. Lungsod Quezon: Sentro ng Wikang Filipino, UP Diliman, 1997. Print.
- [15] Lartec, J. K., Dotimas, S. D., Pitas, M. A. P., Maraño, C. M. R., Polido, J. L., & Senio, K. L. (2014). Ang Paggamit ng Inklusibong Wika sa Filipino tungo sa Pagtamo ng Inklusibong Edukasyon. *HASAAN*, 1(1), 1-1.
- [16] Kramersch, Claire. *Context and Culture in Language Teaching*, third impression. Oxford: Oxford University Press, 1996. Print.
- [17] Alvarado, E. T., & Bacalla, L. A. *Pagdalumat sa Pagpaplanong Pangwika ng Pamantasang Normal ng Cebu*.

COPYRIGHTS

Copyright of this article is retained by the author/s, with first publication rights granted to APJMSD. This is an open-access article distributed under the terms and conditions of the Creative Commons Attribution license (<http://creativecommons.org/licenses/by/4>).